



NEVADA SECRETARY OF STATE

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Hulyo 22, 2024

CONTACT: Cecilia Heston

Opisyal ng Pamublikong Impormasyon

SOSPPIO@sos.nv.gov

Ang Kalihim ng Estado na si Francisco Aguilar ay nagbibigay ng update sa pagpapanatiling malinis ang listahan ng mga botante bago ang 2024 General Election, at kung paano makakatulong ang mga botante

CARSON CITY, NV – Hinihikayat ng Kalihim ng Estado na si Francisco Aguilar ang mga botante na i-update ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante sa [VOTE.NV.gov](https://vote.nv.gov) habang ang mga opisyal ng halalan ay nagsasagawa ng regular na pagpapanatili ng listahan bago ang 2024 General Election.

Ang mga klerk at registrar sa bawat isa sa 17 county ng Nevada ay nagpadala kamakailan ng mga abiso ng National Voter Registration Act (NVRA) alinsunod sa NRS 293.530; isang kabuuang 156,996 na abiso ang lumabas sa buong estado, sa mahigit 7.8% ng mga aktibong botante sa estado.

Ang sinumang botante na hindi nagsauli ng kanilang postcard hanggang sa huling araw ng Agosto 6, 2024 ay ililipat sa isang 'hindi aktibo' na katayuan ng botante. Nangangahulugan ito na hindi sila awtomatikong makakatanggap ng balotang pangkoreo para sa pangkalahatang halalan, **ngunit karapat-dapat pa rin silang bumoto.**

Ang proseso ng pagpapanatili ng listahan ay isang hindi kapani-paniwalang mahalagang bahagi ng proseso ng elektoral – tinitiyak nito na ang lahat ng karapat-dapat, aktibong rehistradong botante ay makakakuha ng pinaka-up-to-date na impormasyon sa halalan at kritikal na sulat ng halalan sa tamang oras.

Ang mga botante ay maaaring makatulong sa mga opisyal ng halalan na mapanatili ang mga listahan ng mga botante sa pamamagitan ng pagtiyak na ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay up-to-date. Maaaring suriin at i-update ang impormasyon kasama ang address, kaakibat ng partido at contact information tulad ng numero ng telepono at email [VOTE.NV.gov](https://vote.nv.gov).

Ang iba pang mga opsyon para magparehistro para bumoto ay kinabibilangan ng:

- Punan ang isang mail-in registration form [DITO](#)
- Magparehistro para bumoto sa alinmang tanggapan ng Nevada Department of Motor Vehicle
- Magrehistro sa klerk ng iyong county o registrar ng opisina ng mga botante
- Magrehistro sa iba't ibang ahensya ng serbisyong panlipunan
- Magrehistro sa mga kampus sa kolehiyo



NEVADA SECRETARY OF STATE

Sa sandaling magsimula ang panahon ng blackout na itinakda ng NVRA sa ika-7 ng Agosto, 2024, maaari pa ring i-update ng mga botante ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro at/o magparehistro para bumoto online, sa pamamagitan ng koreo, at nang personal, kasama na sa mga botohan sa Maagang Pagboto at sa Araw ng Halalan.

Ano ang NVRA?

Ang National Voter Registration Act (NVRA) ay lumilikha ng mga kinakailangan para sa kung paano pinapanatili ng mga estado ang mga listahan ng pagpaparehistro ng botante. Nangangailangan ito ng mga programa sa pagpapanatili ng listahan na maging parepareho, walang diskriminasyon at isama ang mga partikular na pananggalang upang matiyak na walang botante ang nawalan ng karapatan bago ang isang halalan. Ang isa sa mga pananggalang na iyon ay nagbabawal sa mga nakagawiang pagkilos sa pagpapanatili ng listahan 90 araw bago ang isang halalan. Nangangahulugan ito na ang mga opisyal ng halalan ng iyong county ay hindi maaaring magsagawa ng isang regular na programa sa pagpapanatili na para hindi gumana ang rehistro ng isang botante 89 araw o mas mababa bago ang halalan. Ang 90-araw na panahon ng blackout bago ang 2024 General Election ay magsisimula sa ika-7 ng Agosto, 2024.

Bakit ako nakatanggap ng postcard?

Ang mga opisyal ng halalan ng county ng Nevada ay nagpadala ng mga abiso sa sinumang botante na mayroong anumang opisyal na sulat ng halalan na ibinalik bilang undeliverable mula sa Presidential Preference Primary o Primary ng Hunyo AT hindi lumabas na bumoto o kung hindi man ay nag-update ng kanilang rekord ng botante sa panahon ng ikot ng halalan.

Kung ang botante ay hindi gagawa ng aksyon o tumugon sa abiso, aalisin sila ng opisyal ng halalan ng county sa aktibong listahan ng pagpaparehistro ng botante. Maaaring ibalik ang mga botante sa katayuang “aktibo” kung makikipag-ugnayan sila sa Clerk/Registrar ng kanilang county, i-update ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante o bumoto sa paparating na halalan.

Paano gumagana ang pagpapanatili ng listahan?

Ang mga opisyal ng halalan sa County ay patuloy na mag-a-update ng mga listahan ng mga botante sa buong panahon ng blackout kapag ang isang botante ay nag-update ng kanilang rehistro, humiling na kanselahin ang kanilang pagpaparehistro o kung ang Opisina ng Kalihim ng Estado ay nakatanggap ng opisyal na abiso mula sa Opisina ng mga Vital Statistics na ang isang botante ay namatay.

Ano ang gagawin ko kung maipadala sa akin ang balota ng ibang tao?

Kung ang isang botante ay lumipat ng tirahan at hindi na-update ang kanilang address sa kanilang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante, ang isang balota ay maaari pa ring ipadala sa lumang address. Kung nakatanggap ka ng balota o sample ballot sa iyong mailbox para sa isang botante na hindi nag-update ng kanilang address, **Hinihikayat ka ng**



NEVADA SECRETARY OF STATE

Opisina ng Kalihim ng Estado na isulat ang "return to sender" sa sobre at ilagay ito sa isang mailbox upang tumulong sa proseso ng pagpapanatili ng listahan. Ang sobre ay ibabalik sa iyong County Clerk/Registrar at makikilala bilang "undeliverable." Mula doon, i-flag ang pagpaparehistro ng botante para sa karagdagang aksyon at posibleng hindi paganahin pagkatapos ng 90-araw na blackout period ng NVRA. Matuto pa tungkol sa National Voter Registration Act [dito](#).

###